4

# Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 4

Aralin 8

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan Baitang 4**
**Kuwarter 1: Aralin 8 (Linggo 8)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**

- Erasto T. Arinuelo (Pedro Guevarra Memorial National High School)

**Tagasuri:**

- Florisa B. Simeon, Ph.D. (Philippine Normal University)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od @deped.gov.ph.

**ARALING PANLIPUNAN /KUWARTER 1 /BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa sa pagkakakilanlan ng bansa ayon sa mga katangiang heograpikal |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakagagawa ng presentasyon tungkol sa katangiang heograpikal ng bansa |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Mga Kasanayan<br>Napahahalagahan ang katangiang heograpikal ng bansa<br>1. Natutukoy ang katangiang heograpikal ng Pilipinas<br>2. Naisa-isa ang mga katangiang heograpikal ng Pilipinas<br>3. Napahahalahan ang mga salik pangheograpiya sa pamamagitan ng malikhaing pagsulat |
| **D. Nilalaman** | Kahalagahan ng Katangiang Heograpikal sa Pag-unlad ng Bansa<br>• Napahahalagahan ang katangiang heograpikal ng bansa |
| **E. Integrasyon** | • Pagkamamamayan<br>• Pagmamahal sa Bansa<br>• Bayanihan |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Ma. Corazon V. Adriano, Marian A. Caampued, Charity A. Capunitan, Walter F. Galarosa, Noel P. Miranda, Emily R. Quintos Belen P. Dado, Ruth A. Gozun, Rodante S. Magsino, Maria Lucia L. Manalo, Jose B. Nabaza, Evelyn P. Naval, Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang, |

Unang Edisyon 2015 Kagamitan ng Mag-aaral, Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), pp. 21-37, pp. 53-93

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|

**A. Pagkuha ng Dating Kaalaman**

**UNANG ARAW**

**1. Maikling Balik-aral**

**Gawain: E-KONEK!**


Panuto: Suriin ang talata. Pupunan ng tamang sagot ng mga mag-aaral ang mga patlang mula sa mga pagpipilian sa Kahon ng Kaalaman ang mga salitang nakasulat sa mga ginupit na de-kulay na papel upang mabuo ang wastong pahayag na nakasulat sa manila paper.



Ang 1)________ay tumutukoy sa pag-aaral ng 2)______ pisikal ng lugar tulad ng lokasyon, hugis, sukat, lawak, klima, anyong-lupa, anyong tubig at iba pang 3)____________. Ang 4)________lokasyon ng 5)________ ay angkop sa 6)_____ laban sa pananalakay ng mga bansa sa 7)________. Ang Pilipinas ay isang 8)______ na binubuo ng malilit at 9)_______pulo na 10______, ito ay may maganda at di-magandang epekto sa 11)______ ng bansa.

**2. Pidbak (Opsiyonal)**

Lagyan ng marka ang kasanayang iyong natutuhan sa nakalipas na aralin:

 Madali sa akin ang naging aralin at naging mahusay ako sa paksang tinalakay.

**MGA TALA SA GURO**

Mga kagamitan:

- Manila paper
- Iba't ibang hugis na ginupit na de-kulay na papel

**Mga Tamang Sagot:**

Ang **heograpiya** ay tumutukoy pag-aaral ng **katangiang** pisikal ng lugar tulad ng lokasyon, hugis, sukat, lawak, klima, anyong lupa, anyong tubig at iba pang **pinagkukunang-yaman**. Ang **estratehiyang** lokasyon ng **Pilipinas** ay angkop sa **pagdedepensa** laban sa pananalakay ng mga bansa sa **silangan**. Ang Pilipinas ay isang **arkipelago** na binubuo ng maliliit at **malalaking** pulo na **hiwa-hiwalay**, ito ay may maganda at di magandang epekto sa **pag-unlad** ng bansa

| | | |
|---|---|---|
| | Naging mahirap para sa akin ang nakalipas na aralin.<br><br>Malaki ang epekto ng katangiang pang heograpiya o katangiang pisikal ng bansa. Ang pagiging arkipelago kung saan binubuo tayo ng maliliit at malalaking pulong hiwa-hiwalay, ay may maganda, at dimagandang naidudulot ito sa ating bansa. Lalong-lalo na sa larangan ng pag-unlad. | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**Gawain: Salidumay**<br>**Panuto:** Ipakinig sa mga mag-aaral ang awiting Salidumay ni Grace Nono. Pagkatapos ay ipasagot ang mga pamprosesong tanong sa iba<br><br>Kalikasan<br>Kayamanan<br>Kagandahan<br>Kabuhayan<br>Ay, ay salidumay<br>Salidumay diway<br>Yamang lupa<br>Yamang tubig<br>Yamang puno<br>Yamang hangin<br>Yamang tao<br>Yamang diwa<br>Yamang malay<br>Yamang kaluluwa<br>Ay ay salidumay<br>Salidumay diway<br>Kalinangan<br>Kasaysayan<br>Sulong, bayan<br>Kalayaan<br>Ay ay salidumay<br>Salidumay diway | I-*download* ang awiting Salidumay ni Grace Nono. Bigyan ng sipi ng awitin ang mga mag-aaral. Maaaring ituro ng guro ang koryograpiya na gagayahin ng mga mag-aaral. Maaari din na habang nakaupo ang mga mag-aaral ay hand gesture ang ipagawa. |

Pamprosesong Tanong:

1. Batay sa awitin, anu-anong mga yaman ang nabanggit mayroon ang Pilipinas?
2. Sa iyong palagay, mayaman ba sa likas na yaman ang Pilipinas? Patunayan

**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

Panuto: Ipakita sa mga mag-aaral ang mga larawan. Suriin, ilarawan at ang katawagan ng mga ito batay sa kanilang pagkaunawa.

a) 

Mula sa:https://www.tophotsprings.com/philippines-hot-springs/

b) 

c) 

Mula sa: https://bcl.wikipedia.org/wiki/Dagat

Pamprosesong Tanong:

1. Naging madali ba sa iyo na ihambing at alamin ang mga nasa larawan?
2. Napuntahan mo na ba ang mga nasa larawan?

**Mga Tamang Sagot:**

1. Yamang lupa, Yamang tubig, Yamang puno, Yamang hangin, Yamang tao, Yamang diwa, Yamang malay, Yamang kaluluwa
2. Ang Pilipinas ay mayaman sa mga likas na yaman at karamihan sa ating mga mamamayan ay dito kumukuha ng ikabubuhay sa pamamagitan ng pagsasaka, pangingisda at iba pang gawaing pang- agrikultural.

**Mga Tamang Sagot:**

a) Bukal - Ito ay isang anyong tubig na nanggagaling sa ilalim ng lupa.

b) Ilog - Ito ay isang mahaba at makitid na anyong tubig na umaagos mula sa mga sapa o bukal.

c) Dagat - Ito ay malaking anyong tubig ngunit mas maliit kaysa sa karagatan.

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Maipagmamalaki mo ba ang mga nasa larawan? Bakit? | Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magpahayag ng kanilang mga karanasan sa mga lugar na kanilang napuntahan. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1: <u>Katangian Heograpikal ng Bansa</u>**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Gawain: Lugar Ko, Ilarawan Ko**<br>**Panuto:** Sa pamamagitan ng bond paper, coloring materials at lapis, ilarawan ang tahanan na kinatatayuan nito. Iguhit ang paligid nito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gabay na tanong na babanggitin ng guro. Gawin ito sa loob ng sampung minuto.<br><br>Mula sa: https://in.pinterest.com/pin/603060206341629591/<br><br>Pamprosesong Tanong:<br>1. May nakikita ka bang bundok, burol o kaya bukal?<br>2. May ilog, dagat o kaya bukal na pinagkukunan ninyo ng tubig?<br>3. Madalas bang umuulan sa inyong lugar? o kadalasang mainit dito?<br>4. Marami ka bang taong nakikita sa inyong lugar?<br>5. Ano ang kadalasang hanapbuhay ng mga tao sa inyong lugar? | Maaari na ang magiging sagot ng mga mag-aaral ay iba-iba. Bigyan sila ng pagkakataon na magpahayag ng kanilang sariling saloobin. Hayaan ang bawat isa na bigyang ng pagkakataon na makasagot. Atasan din ng guro ang isang mag-aaral ng bawat grupo na siyang mag-uulat ng mga naging sagot ng kanilang kagrupo.<br><br>Mga kagamitan:<br>• Sipi ng pagkakakilanlang heograpikal ng Pilipinas. Idikit sa ½ index card bilang metacard.<br>• Ilagay ang metacard sa brown envelope<br>• Ang mga pamprosesong tanong/pagninilay-nilay ay gabay lamang Maaaring magbigay pa ng ilang mga katanungan ang guro para sa pagtalakay ng paksa at upang magkaroon ng konsepto |


<table>
<tr>
<td></td>
<td>

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**
**Gawain: Pagkakakilanlang Heograpikal ng Pilipinas: Heograpiyang Pisikal**

Panuto: Hatiin ang klase sa tatlo. Maghahanda ang guro ng mga sipi ng Pagkakakilanlang Heograpikal ng Pilipinas. Bibigyan ng 15 minuto ang bawat grupo na basahin ang nilalaman at magkaroon ng munting pag-uusap at pagninilay kasama ang mga miyembro ng grupo. Pagkatapos ay ilalahad nila ang nilalaman ng kanilang sobre gamit ang grapikong pantulong o graphic organizer sa buong klase.




**META CARD 1: Heograpiyang Pisikal: Klima at Panahon**




</td>
<td>

ang mga mag-aaral para sa tatalakayin na aralin.

- Hayaan din ang mga mag-aaral na mag-isip ng kanilang mga kasagutan.

</td>
</tr>
</table>

Ang klima ay ang pangkalahatang kalagayan ng panahon sa isang lugar samantalang ang panahon naman ay tumutukoy sa kalagayan ng kapaligiran. Upang malaman ang klima ng isang lugar o bansa, mahalagang matukoy ang lokasyon, topograpiya o paglalarawan ng katangian ng isang lugar at hangin at katubigang mayroon ito.

Ang klima ng bansa ay nakabatay sa kinalalagyan nito sa mundo. Ang Pilipinas ay malapit sa ekwador at nasa mababang latitud kaya't tropikal ang klima dito. Matinding sikat ng araw ang nararanasan dito dahil direkta itong nasisikatan ng araw. Ngunit dahil sa pagiging insular o maritima nitong bansa o napapaligiran ito ng mga katubigan tulad ng Bashi Channel sa hilaga, Celebes Sea at Sulu Sea sa timog, West Philippine Sea sa kanluran at Karagatang Pasipiko at Dagat Pilipinas sa silangan ay nakararanas pa rin ng malamig na klima na nagmumula sa hangin galing sa Karagatang Pasipiko at Dagat Kanlurang Pilipinas.

Nararanasan din ang iba't ibang klima sa Pilipinas dahil sa iba't ibang salik tulad ng temperatura, taas ng lugar, galaw ng hangin, at dami ng ulan. Kung kaya may apat na uri ng klima ang Pilipinas ayon sa dami ng ulan. Dahil sa mainam na klima ng Pilipinas, iba't ibang hayop at halaman ang nabubuhay dito.

**Pamprosesong Tanong:**


1. Ano ang klima? Ano ang pagkakaiba nito sa panahon?
2. Paano nalalaman ang klima ng isang lugar?
3. Ano ang klima ng Pilipinas? Bakit?
4. Bakit nakararanas ng iba't ibang klima sa Pilipinas?

**META CARD 2: ANYONG LUPA**

| | |
|---|---|
| **Kapatagan**  | • Ang kapatagan ay malawak na lupain na patag at mababa.<br>• Isa sa mga kilalang kapatagan ng bansa ang Kapatagan ng Gitnang Luzon. |
| **Bundok** | • Ang bundok ay ang pinakamataas na anyong lupa. |

**Mga Tamang Sagot:**

1. Ang klima ay ang pangkalahatang kalagayan ng panahon sa isang lugar samantalang ang panahon naman ay tumutukoy sa kalagayan ng kapaligiran.
2. Upang malaman ang klima ng isang lugar o bansa, mahalagang matukoy ang lokasyon, topograpiya o paglalarawan ng katangian ng isang lugar at hangin at katubigang mayroon ito
3. Ang klima ng bansa ay nakabatay sa kinalalagyan nito sa mundo. Ang Pilipinas ay malapit sa ekwador at nasa mababang latitud kaya't tropikal ang klima dito.
4. Nararanasan din ang iba't ibang klima sa Pilipinas dahil sa iba't ibang salik tulad ng temperatura, taas ng lugar, galaw ng hangin, at dami ng ulan.

| | |
|---|---|
|  | • Ang pinakamataas na bundok sa bansa ay ang Bundok Apo (Davao).<br>• Ang pinakamahabang hanay ng bundok sa Pilipinas ay ang Sierra Madre na nasa Gitnang Luzon ngunit ang kahabaan nito ay umaabot hanggang sa Timog Luzon.<br>• Nasasakop nito ang mga lalawigan ng Cagayan, Isabela, Nueva Vizcaya, Nueva Ecija, Quirino, Aurora, at Quezon. Ang pinakamataas na tuktok na nararating sa Sierra Madre ay mga 2 000 metro mula sa pantaydagat. |
| **Burol**<br> | • Ito ay mataas na bahagi ng<br>• lupa ngunit mas mababa sa bundok.<br>• Pabilog ang hugis ng itaas nito<br>• Pinakatanyag sa mga burol sa bansa ang Chocolate Hills na matatagpuan sa Carmen, Bohol. |
| **Talampas**<br> | • Ito ay mataas na bahagi ng lupa ngunit patag ang ibabaw.<br>• Ang Lungsod ng Baguio sa<br>• Benguet na matatagpuan sa gawing hilaga ng Luzon ang pinakatanyag na talampas sa bansa |
| **Bulkan** | • Isang mataas na anyong lupa na may bunganga sa |

| | |
|---|---|
|  | • tuktok nito. Minsan nagiging aktibo ang isang bulkan at ito ay pumuputok.<br>• Nagbubuga ito ng kumukulong putik, abo, at malalaking bato.<br>• Ang Bulkang Mayon ang pinakatanyag na bulkan sa Pilipinas (Legazpi, Albay)<br>• Ang Bulkang Taal ang pinakamaliit na bulkan sa Pilipinas (Talisay, San Nicolas, Batangas) |
| **Lambak**<br> | • Ang lambak ay patag na lupa sa pagitan ng bundok.<br>• Ang Lambak ng Cagayan sa Hilagang Luzon ay isang halimbawa nito.<br>• Ito ay binubuo ng mga lalawigan ng Cagayan, Isabela, Nueva Vizcaya, at Quirino.<br>• Ito ay nasa pagitan ng Bundok Sierra Madre sa baybay ng Karagatang Pasipiko at Bundok Cordillera sa kanluran. |

**Mula sa: Aling Panlipunan 4 Learner's Material, pp. 53-55**

**Pamprosesong Tanong:**
1. Alin sa mga bahagi ng anyong lupa ang pinakamataas?
2. Alin sa mga bahagi ng anyong lupa ang pinakamababa?
3. Saan matatagpuan ang bahagi ng anyong lupa ang tinaguriang "Perfect Cone"?
4. Alin ang tinatawag na pinakamaliit na bulkan sa mundo na matatagpuan sa Pilipinas?

**Mga Tamang Sagot:**
1. Bundok
2. Kapatagan
3. Legazpi, Albay
4. Bulkan Taal
5. *Sariling sagot ng mga mag-aaral*

5. Anong bahagi ng anyong lupa ang malapit sa inyong tirahan?

**METACARD 3: ANYONG TUBIG**




Mula sa: Araling Panlipunan 4 Learner's Material, pp. 57-62

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang bahagi ng anyong tubig ang na umaagos mula sa mataas na lugar tulad ng bundok?
2. Ano ang bahagi ng anyong tubig ang nagdurugtong sa dalawang malaking katawan ng tubig na kalimitang dinaraanan ng barko?
3. Alin ang pinakamalaking anyong tubig sa buong mundo na malapit sa Pilipinas?
4. Anong bahagi ng anyong tubig ang malapit sa inyong tinitirhan?

**IKATLONG ARAW**

**Mga Tamang Sagot:**

1. Talon
2. Tsanel
3. Karagatan (Pacific Ocean)
4. Sariling sagot ng mga mag-aaral

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
Kaugnay na Paksa 2: Pagkakakilanlang Heograpikal ng Pilipinas: Heograpiyang Pantao<br>
1. Pagproseso ng Pag-unawa<br>
Gawain Bilang 1: Humanay Ayon Sa…<br>
Panuto: Hatiin ang klase sa apat. Pipila ang mga mag-aaral na pagkakasunod-sunod batay sa kategorya na babanggitin ng guro. Hintayin lamang ang signal ng guro na “Humanay Ayon Sa…GO!” Kapag nakaayos na ang pagkakahanay ay papalakpak ang buong grupo ng tatlong beses at uupo sa pwesto.<br><br>
Mga Kategorya
<ul>
<li>Pinakabata hanggang pinakamatanda ang edad</li>
<li>Pinakamalapit hanggang pinakamalayo ang bahay mula sa paaralan</li>
<li>Pinakakaunti hanggang sa pinakamaraming bilang na magkakapatid.</li>
<li>Pinakamarami hanggang pinakakaunting bilang na kapatid na babae.</li>
<li>Pinakakaunti hanggang pinakamaraming bilang na kapatid na lalaki.</li>
</ul>
Pamprosesong Tanong:
<ol>
<li>Ano ang naramdaman mo pagkatapos ng laro?</li>
<li>Bakit iba-iba ang naging sagot ng bawat grupo?</li>
<li>Naging madali ba o mahirap ang inyong paghanay? Bakit?</li>
</ol>
Tatalakayin ng guro ang tungkol sa populasyon<br>


</td>
<td>
Bago magsimula ang gawain, laging paalalahanan ang mga mag-aaral ukol sa disiplina at pag-iingat habang isinasagawa ang mga gawain. Maaaring sabihin ng guro na habang isinasagawa ito ay itaas ang mga kamay, pagkatapos ay takpan ang mga bibig ng mga kamay para maiwasan ang pag-iingay. Huwag magtutulakan.<br><br>
Mga Tamang Sagot:
<ol>
<li>Ayon sa sosyolohiya, ito ay katipunan ng mga tao. Bilang ng mga tao</li>
</ol>
</td>
</tr>
</table>

Pamprosesong Tanong:
1. Ano ang populasyon?
2. Saang rehiyon sa Pilipinas ang may pinakamaraming populasyon?
3. Saang rehiyon sa Pilipinas ang may pinakakaunting populasyon?

**Gawain Bilang 2: *Knows* Ko Yan!**
**Panuto:** Maghahanda ng flash cards o mga larawan ang guro na ipapakita sa mag-aaral. Pipili lamang ang mga mag-aaral kung anong sub-sektor ng agrikultura kung ito ay PAGHAHALAMAN, PAGHAHAYUPAN, PAGGUGUBAT o PANGINGISDA. Itatanong ng guro sa mga mag-aaral na "Knows Mo Yan?", ang magiging tugon ng mag-aaral ay "Knows Ko Yan!"

| | | | |
|---|---|---|---|
| **PAGHAHALAMAN** | **PAGHAHAYUPAN** | **PAGGUGUBAT** | **PANGINGISDA** |



Mula sa: https://www.123rf.com/clipart-vector/fish_clipart_black_and_white.html



Mula sa: https://clipart-library.com/free/farm-animals-images-black-and-white.html



na naninirahan sa isang tiyak na lugar o rehiyon.
2. CALABARZON
3. CAR

Mga kagamitan:
- Mga larawan ng sub-sektor ng agrikultura

Mula sa: https://www.istockphoto.com/illustrations/black-and-white-forest



Mula sa: https://ph.pinterest.com/pin/141652350756855516/

Pamprosesong Tanong:

1. Anu-ano ang sektor ng agrikultura?
2. Naging madali ba sa iyo na matukoy ang mga sektor ng agrikultura batay sa mga larawan?
3. Bakit sagana ang Pilipinas sa isda, halaman, gubat at hayop?

**Gawain Bilang 3: *Attach Me Not***

**Panuto:** Maghahanda ng flash cards ang guro. Ilalarawan ng guro ang nasa flash card. Tatawag ang guro ng mag-aaral. Itatanong ng guro kung ang inilalarawan ba na sub-sektor ng industriya ay tama o mali. Kapag tama ang paglalarawan, sasabihin ng mag-aaral na "YES" at kapag mali naman ay "NOT".

PAGMAMANUPAKTURA

Ito ay kung saan ang mga metal, di metal at enerhiyang mineral ay kinukuha at dumadaan sa proseso upang gawing tapos na produkto.

PAGMIMINA

Ito ay isang prosesong binubuo ng paggawa,patayo o pagbuo ng imprastraktura kabilang dito gusali, estruktura, tulay at kalsada.

**Mga Tamang Sagot:**

- PAGMAMANUPAKTURA - Ito ay ang gawain ng pagbago sa hilaw na materyal sa pamamagitan ng kamay o makina upang maging magagamit na mga produkto.
- PAGMIMINA - Ito ay kung saan ang mga metal, di metal at enerhiyang mineral ay kinukuha at dumadaan sa proseso upang gawing tapos na produkto.
- UTILITIES - Ito ay binubuo ng mga kompanya ang pangunahing layunin ay matugunan ang pangangailangan sa tubig,

UTILITIES

Ito ay binubuo ng mga kompanya ang pangunahing layunin ay matugunan ang pangangailangan sa tubig, koryente, telecommunication at gas.

KONSTRUKSYON

Ito ay ang gawain ng pagbago sa hilaw na materyal sa pamamagitan ng kamay o makina upang maging magagamit na mga produkto.

Pamprosesong Tanong:

1. Anu-ano ang sub-sektor ng industriya?
2. Madali mo bang matukoy ang mga sub-sektor ng industriya base sa paglalarawan?
3. Sa iyong palagay, bakit mahalaga ang sektor ng industriya sa kaunlaran ng bansa.

**IKAAPAT NA ARAW**

**2. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Gawain: Katangiang Heograpikal ng Pilipinas, Pinahahalagahan Ko!**

Panuto: Sumulat ng sanaysay kung paano pahahalagahan ang katangiang heograpikal ng Pilipinas.


| **Katangiang Heograpikal ng Pilipinas, Pinahahalagahan Ko!** |
|---|
| ______________________________________________ |
| ______________________________________________ |

Rubriks sa pagbibigay ng puntos:

**10 puntos – higit na inaasahan**
**8 puntos – nakamit ang inaasahan**
**7 puntos – bahagyang nakamit ang inaasahan**

koryente, telecommunication at gas.

- KONSTRUKSYON - Ito ay isang prosesong binubuo ng paggawa,patayo o pagbuo ng imprastraktura kabilang dito gusali, estruktura, tulay at kalsada.

| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>Balikang muli ang mga napag-aralang konsepto tungkol sa katangiang heograpiko ng Pilipinas. Gamit ang graphic organizer, ipasulat sa mga mag-aaral ang mga kaalamang kanilang natutuhan tungkol sa aralin.<br><br>**Ang Aking Barangay**<br><br><br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br><br>**Pamamaraang Konseptwal**<br>**Panuto:** Sumulat ng dyornal para sa kahalagahan ng katangiang heograpikal ng bansa | Ang mga mag-aaral ay magsusulat sa kanilang kwaderno/dyornal ng kanilang natutuhan ukol sa tinalakay na paksa. Dapat basahin ito ng guro, ngunit hindi ito pupuntusan. |

<table>
<tr><th colspan="4">IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY</th><th>TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagtataya</td><td colspan="3">

1. **Pagsusulit**
   **Panuto:** Punan ang graphic organizer ng pagkakakilanlang heograpikal ng Pilipinas. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



2. **Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**
   1. Anu-ano ang pinagkukunang-yamang ng bansa?
   2. Bakit mahalaga ang mga pinagkukunang-yaman ng bansa?
   3. Paano nakakaapekto ang mga pinagkukunang-yaman ng bansa sa tao at sa kanyang kabuhayan, kapaligiran at kultura?

</td><td>

Mga Tamang Sagot:
1. Heograpiyang Pisikal
2. Klima
3. Panahon
4. Anyong lupa
5. Anyong tubig
6. Populasyon
7. Agrikultura
8. Industriya

</td></tr>
<tr><td rowspan="4">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="4">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **At iba pa** | | | Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| **C. Pagninilay** | Gabay sa Pagninilay:<br>▪ Prinsipyo sa pagtuturo<br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ Mag-aaral<br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ Pagtanaw sa Inaasahan<br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod? | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |